

# Isang Madali at Mabilis na GABAY SA PAGBABAYAD NG BUWIS Para sa MSMEs

Isang Proyekto ng:

**BDB** Law  
DU-BALADAD AND ASSOCIATES

MEMBER FIRM OF

**wts**global

Locally Rooted- Globally Connected

Maraming salamat sa WOMEN'S BUSINESS COUNCIL OF THE PHILIPPINES sa pagsasalin sa Tagalog.

Ito ay puwedeng i-download sa \_\_\_\_\_

## PAGPAPAREHISTRO

### 1. Ano ang MSME?

Ang MSME ay tumutukoy sa kahit anumang uri ng negosyo na nakaangkla sa industriya, agrikultura, at/o serbisyo, mapa-sariling negosyo man ito, mapa-kooperatiba, mapa-sosyo, o mapa-korporasyon na may kabuuang pagmamay-ari (*assets*) na:

- Hindi hihigit sa P3,000,000 para sa negosyong **Micro**;
- P3,000,001 hanggang P15,000,000 para sa **Maliit na negosyo (small)**; at
- P15,000,001 hanggang P100,000,000 para sa **Medyum na negosyo**.

Kahit anumang negosyo na may kabuuang pagmamay-ari (*assets*) na hindi hihigit sa P3,000,000 ay itinuturing na *Barangay Micro Business Enterprise (BMBE)* na may karapatan sa mga insentibo katulad ng eksempsyon mula sa buwis sa kita (*income tax*) at sa nasasaklaw ng batas ukol sa *Minimum Wage*, mga kailangang pang-pinansyal o kaya teknolohiya at makabagong kaalaman.

### 2. Bílang isang nagmamay-ari ng isang negosyong kabilang sa MSME, kailangan ko bang iparehistro ang aking negosyo?

OO.

### 3. Saan ako maaaring magparehistro?

- Para sa mga sariling negosyo (iisa lámang ang may-ari – *sole proprietorship*) – magparehistro sa *Department of Trade and Industry (DTI)*;
- Para sa mga sosyo/korporasyon – magparehistro sa *Securities and Exchange Commission (SEC)*; at
- Para sa mga kooperatiba – magparehistro sa *Cooperative Development Authority (CDA)*.
- Sa mga gustong maging BMBE, kailangan din mag-apply ng Certificate bilang BMBE sa mga Negosyo Centers ng DTI.

#### **4. Kailangan ko bang kumuha ng kahit anong lisensya?**

OO. Kailangang mag-apply ng *business permit* at lisensya mula sa lokal na pamahalaan (*Local Government Unit* – LGU).

Maaari ring magtungo sa isang malápit na Negosyo Center sa inyong lugar upang makakuha ng gabay sa pagpaparehistro. Ang mga Negosyo Center ay maaaring makatulong upang magamit ang mga serbisyong panggobyerno hinggil sa mga MSME.

#### ***“Negosyo Centers”***

Sa ilalim ng RA Blg. 10644, dapat mayroong nakatatag na mga *“Negosyo Center”* sa lahat ng mga probinsya, lungsod at munisipalidad. Ito ay siyang magiging responsable upang *“maitaguyod nang matiwasay ang daloy ng pagnenegosyo o pangangalakal at mapabilis ang pagkuha ng mga serbisyo para sa mga MSME.”*

#### **5. Kailangan ko bang magparehistro sa BIR?**

OO.

#### **6. Kailan ako maaaring magparehistro sa BIR?**

Ang pagpaparehistro ay dapat maisagawa: 1) bago o sa mismong pagsisimula ng negosyo; o 2) bago dumating ang nakatakdang araw sa pagbabayad ng anumang nakatakdang buwis; o (3) sa mismong petsa ng pagsusumite ng *tax returns*.

Para sa mga BMBE, kinakailangan ding magparehistro sa DTI upang makakuha ng mga insentibo.

#### **7. Paano ako magpaparehistro sa BIR?**

Kumuha at punan ang BIR Form 1901, at magpunta sa tanggapan ng *BIR Revenue District Office* (RDO) na may hurisdiksyon o may saklaw sa lugar ng iyong negosyo o sa iyong pook tirahan.

## 8. May kailangan ba akong bayaran sa pagpaparehistro?

OO. Magbayad ng P500.00 upang maiproseso ang pagpaparehistro ng iyong negosyo.

Ang sunod na hakbang ay kumuha sa BIR ng *Certificate of Registration* (COR o BIR Form No. 2303) at ng karatulang “Ask for a Receipt” (ARN).

## 9. Ano ang gagawin ko sa *Certificate of Registration* (COR) at sa Karatulang ‘Ask for a Receipt’ (ARN)?

Kailangan itong *i-display* sa isang lugar na madaling makita sa kinatitirikan ng iyong negosyo.

## 10. May kailangan ba akong gawin matapos ang pagpaparehistro?

Oo. Kakailanganin mong gawin ang mga sumusunod:

1. Ilimbag (i-print) ang iyong mga resibo – Kailangan mong mag-*apply* at ipaalám sa tanggapan ng BIR kung saan mo inirehistro ang awtoridad sa paglilimbag ng iyong resibo. Kasunod nito ay ang pagpunta sa isang awtorisadong tagalimbag (*printer*) ng BIR para sa pagpapalimbag (pagpiprint) ng mga opisyal na resibo (*official receipts*).
2. Iparehistro ang iyong libro/talaan ng mga transaksyon (*books of accounts*) sa tanggapan ng BIR kung saan ka rin nagparehistro. Malaya kang makapipili kung nais mo ng isang mano-manong talaan (manual), loose-leaf o isang kompyuterisadong talaan.

Ang mga malilit na negosyo ay karaniwang gumagamit ng mano-manong libro/talaan ng mga transaksyon habang ang mga medyum na negosyo ay karaniwang gumagamit ng loose-leaf o di kaya’y kompyuterisadong talaan.

3. Isumite ang iyong *tax returns* at bayaran ang iyong buwis sa mga espesipikong araw na itinakda ng batas. (Tingnan ang Tanong blg. 32)

## PAGTATALÂ NG MGA TRANSAKSYON (*BOOKKEEPING*)

### 11. Ano ang mga kahingian para sa mga *Book of Accounts*?"

Ang mga KAILANGANG *book of Accounts* ay binubuo ng mga dyornal, *ledger*, *cash receipts*, *cash disbursement books*, *subsidiary sales journals*, at *subsidiary purchase journals*.

### 12. Kahingian din ba ng BIR na sumunod ang mga MSME sa pamantayan ng BIR sa pagtatalâ ng mga transaksyon (*bookkeeping requirements*)?

Oo. Maliban sa mga *book of accounts*, kailangan ding maging masinop ang mga negosyante sa mga karagdagang patunay na dokumento at rekord tulad na lámang ng mga Opisyal na resibo at *invoice*.

### 13. Ano ang gagawin ko sa mga *Book of Accounts*?"

Ang lahat ng mga transaksyon ng isang negosyo ay dapat nakalista sa *book of accounts*. Dapat din nitong malinaw na maipakita ang mga resulta ng operasyon ng negosyo kung saan lahat ng buwis na kailangang bayaran sa gobyerno ay tiyak nang natukoy at wasto nang naihanda upang bayaran sa mga nakatakdang petsa sa buong taon.

### 14. Kailangan ko ba ng isang *Certified Public Accountant (CPA)* upang suriin at kwentahin (*i-audit*) ang aking mga *Book of Accounts*?

Sa kalimitan, kung ang kita at mga resibo ng isang negosyo ay hindi hihigit sa P3,000,000, hindi na mangangailan pa ng isang CPA upang *i-audit* ang mga *book of accounts*.<sup>1</sup>

Ngunit, ayon sa binagong Panuntunan ng SEC blg. 68, ang mga datos pinansyal (*financial statements*) na isusumite sa SEC ay nangangailangan ng isang nakalakip na *auditor's report* mula sa isang independienteng CPA na kinikilala/awtorisado ng SEC at ng *Board of Accountancy (BOA)*. Samakatuwid, anuman ang halaga

---

<sup>1</sup> Seksyon Blg. 232 ng NIRC

ng kada tatlong buwan (*quarterly*) na kita, benta, resibo o produkto ng isang negosyo, ang mga MSME na rehistrado sa SEC ay mangangailangan ng serbisyo ng isang CPA na kinikilala ng SEC at BOA.

**15. Gaano ko katagal na kailangang ingatan at itago ang aking mga *book of accounts*?**

Kahingian na ang mga ito’y iyong ingatan kasáma na rin ang mga *subsidiary book* at iba pang *accounting records* sa loob ng sampung (10) taon.<sup>2</sup>

Ang mga orihinal na kopya (*hard copy*) ng mga ito ay dapat manatili sa’yo sa unang limang taon habang ang mga elektronikong kopya na lámang ng mga orihinal ang kakailanganin matapos ang itinakdang panahong iyon.<sup>3</sup>

**MGA SALES INVOICE AT MGA OPISYAL NA RESIBO**

**16. Kailangan ko bang maglabas o mag-isyu ng isang *Sales Invoice (SI)* o ng mga Opisyal na resibo (*Official Receipts – OR*)?**

Oo, kung ang benta ay nasa P100 o higit pa.

**17. Kailan ako maglalabas o mag-iisyu ng OR o SI? Kailangan bang mag-isyu ako ng dalawang iyon?**

Kailangan mong maglabas o mag-isyu ng SI kapag ikaw ay nagbebenta ng mga produkto o ari-arian, at OR naman kapag ikaw ay nag-aalok ng serbisyo. Hindi mo kailangang mag-isyu ng kapwa dalawang dokumento.

---

<sup>2</sup> R.R. Blg. 17-2013

<sup>3</sup> R.R. Blg. 5-2014

## **PAGFA-FILE, PAGESUSUMITE, AT PAGBABAYAD NG BUWIS**

### **18. Ano ang mga buwis na kailangan kong bayaran?**

Bilang isang MSME, mayroon kang pananagutang bayaran ang mga sumusunod na uri ng buwis sa tanggapan ng BIR kung saan ka rehistrado:

1. Taunang bayad sa rehistro (*registration fee*);
2. Kada tatlong buwan (*quarterly*) at *adjusted* na taunang buwis sa kita (*annual income tax*);
3. VAT o buwis batay sa porsyento ng iyong kita (*percentage tax*)
4. *Withholding tax*

### **19. Magkano at kailan ko babayaran ang taunang bayad sa rehistro (*annual registration fee*)?**

Ang taunang bayad sa rehistro na nagkakahalaga ng P500 ay nakatakdang bayaran bago ang o sa ika-31 ng Enero ng bawat taon gamit ang *BIR Form 0605*.

### **20. Ano ang buwis sa kita (*Income tax*)?**

Ito ay ang buwis na ipinapataw sa iyong kinita sa kabuuan ng taon.

### **21. Paano ko kukwentahin o susumahin ang aking buwis sa kita (*Income tax*)?**

Ang pagkukwenta ng buwis sa iyong kinita ay nakadepende sa kung ang iyong negosyo ay isang korporasyon o hindi. Kung ito ay hindi isang sosyo o korporasyon, ang iyong negosyo ay itinuturing bilang isang sariling negosyo (iisa lámang ang may-ari – *sole proprietorship*) at ikaw ay maisasailalim sa buwis bílang isang propesyonal o kaya nama’y isang táong nagtatrabaho sa sarili (*self-employed*). Kung ikaw ay kabilang sa isang sosyo o korporasyon, nangangahulugang ikaw ay maisasailalim sa mga buwis na nakapataw sa mga korporasyon.

## 22. Kung ako ay isang *sole proprietor*, paano ko kukwentahin ang buwis ng aking kinita?

Kung ikaw ay isang *sole proprietor* at ang iyong kabuuang taunang kita't benta (*annual gross sales & receipts*) ay hindi hihigit sa 3 milyon, ikaw ay maaaring pumiling bayaran ang alinman sa dalawa:

1. 8% ng iyong kabuuang kita't benta na lalabis sa P250,000;  
o
2. Ang sukát na singil sa buwis ng iyong kinita (*graduated income tax rate* – Tingnan ang hanay blg. 1)

Kung ang iyong kabuuang kita't benta ay hihigit sa 3 milyon, ang iyong buwis ay kukuwentahin gamit ang panuntunan sa hanay sa ibaba.

Hanay blg. 1

Hindi hihigit sa P250,000	0%
Humigit sa P250,000 ngunit hindi lalagpas sa P400,000	20% ng lalabis sa P250,000
Humigit sa P400,000 ngunit hindi lalagpas sa P800,000	P30,000 + 25% ng lalabis sa P400,000
Humigit sa P800,000 ngunit hindi lalagpas sa P2,000,000	P130,000 + 30% ng lalabis sa P800,000
Humigit sa P2,000,000 ngunit hindi lalagpas sa P8,000,000	P490,000 + 32% ng lalabis sa P2,000,000
Humigit sa P8,000,000	P2,410,000 + 35% ng lalabis sa P8,000,000

Ang nasa ibaba ay isang halimbawang pagkukwenta ng buwis sa kita (*income tax*) ng isang MSME:

Ipagpalagay natin na ang isang MSME ay nagtataglay ng mga sumusunod na datos pinansyal para sa taóng 2018:

- Kabuuang pumasok na kita (*Gross receipts*)  
– P1,000,000
- Gastos sa pagpapatakbo ng negosyo (*Operating expenses*) – P400,000



*Sole proprietor* (nagtatrabaho sa sarili o propesyonal)

Kung ang MSME ay isang *sole proprietor*, maaari niyang piliing bayaran ang 8% ng kanyang kabuuang kita't benta para sa buong taon (*gross annual sales or receipts*) o maaari siyang magbayad gamit ang sukát na singil/suma (*graduated rates*) sa hanay blg. 1.

Kung ang pinili naman niya ay ang 8%, ang kanyang buwis ay kukwentahin batay sa mga sumusunod:

*8% kabuuang buwis sa kita (gross income tax)*

Kabuuang kita ( <i>gross receipts</i> )	P1,000,000
Ibabawas: Kitang 'di bubuwisan ( <i>Exempt income</i> )	250,000
Kítang bubuwisan	P 750,000

Nakatakdang bayarang buwis (*Tax Due*):

**8% ng lalabis sa P250,000** **P 60,000**

Kung ang pinili naman niya ay ang sukát na singil sa buwis sa kita (*graduated income tax*), ang kanyang buwis ay kukwentahin batay sa mga sumusunod:

Kabuuang kita ( <i>gross receipts</i> )	P1,000,000
Ibabawas: Gastos sa pagpapatakbo ng negosyo ( <i>Operating Expenses</i> )*	400,000
Kítang bubuwisan	P 600,000

Nakatakdang bayarang buwis (*Tax Due*):

**P30,000 + 25% ng lalabis sa P400,000** **P 80,000**  
**(gamit ang hanay blg. 1)**

### 23. Kung ako ay kabilang sa isang sosyo o korporasyon, paano ko kukwentahin ang aking buwis sa kita?

Ang mga sosyo at korporasyon ay saklaw ng 30% na buwis sa kita.

Halimbawang kwenta:

Kabuuang kita ( <i>gross receipts</i> )	P1,000,000
Ibabawas: Gastos sa pagpapatakbo ng negosyo ( <i>Operating Expenses</i> )*	400,000
<hr/>	
Kítang bubuwisan	P 600,000

Nakatakdang bayarang buwis (*Tax Due*):

**30% ng P400,000** **P 180,000**

### 24. Halimbawa't hindi ko nagawang itago ang mga patunay na dokumento ng aking mga gastos, maaari ko pa rin bang ibawas ang mga ito?

Hindi. Para maibawas ang iyong mga gastos mula sa iyong kabuuang kita, kinakailangang makapagpresenta ka ng mga pruwera katulad ng mga resibo at *invoice*.

Ngunit, kung hindi mo nagawang itago ang mga patunay na dokumento, maaari mong piliing gamitin ang *Optional Standard Deduction* (OSD).

### 25. Ano ang *Optional Standard Deduction* (OSD)?

Ang OSD ay isang alternatibong paraan upang makakuha ng bawas (*deduction*) nang hindi sumasailalim sa *itemized deduction* o pagbabawas sa bawat gastos na nagawa.

### 26. Paano ko kukwentahin ang OSD?

Kung ikaw ay isang *sole proprietor*, ito ay ang 40% ng iyong kabuuang kita o benta (*gross sales or receipts*). Sa pagkokompyut ng iyong *gross sales or receipts*, hindi pinahihintulutan ang pagbabawas sa iyong *direct costs* at gastos.

Kung ikaw naman ay isang korporasyon, ito ay base sa 40% ng iyong gross income. Upang makuha ang iyong *gross income*, ibawas lámang ang iyong *direct costs* o mga gastos na *directang nakasalalay* sa iyong kabuuang benta o *gross sales/receipts*.

## DAGDAG BUWIS/PORSYENTO SA BUWIS (VAT/PERCENTAGE TAX)

### 27. Ano ang *Value Added Tax (VAT)* at ang *Percentage Tax*?

Ang VAT at *Percentage Tax* ay isang uri ng buwis sa negosyo. Ang VAT ay nakapataw sa halos lahat ng mga produkto at serbisyo, maliban na lang sa mangilan-ngilang hindi sakop nito. Samantalang ang *percentage tax* ay isang buwis na binabayaran kung ang kabuuang kita o benta (*gross sale or revenue*) ng isang negosyo ay 'di hihigit sa 3 milyon. 3 milyon ang halagang batayan upang masaklaw ng VAT (*VAT threshold*).

### 28. Kung ang taunang kabuuang kita ko ay hindi hihigit sa 3 milyon, ano at magkano ang buwis na aking babayaran?

Kung ang iyong taunang kabuuang kita o benta (*gross sales/receipts*) ay hindi hihigit sa 3 milyon, hindi ka masasakop at mapapatawan ng VAT. Ngunit ikaw ay masasaklaw ng 3% *percentage tax*.

Ngunit kung piliin mong bayaran ang 8% na buwis sa iyong kabuuang kinita imbis ang *graduated income tax rate* (sukat na singil sa buwis ng iyong kinita, *tingnan ang tanong blg. 23*), hindi mo na kailangang magbayad ng VAT at pati na rin ang 3% *percentage tax* sapagkat ang 8% na buwis sa iyong kinita ay sumasaklaw na sa *income tax, percentage tax* o sa VAT.

Halimbawang kwenta:

Gamit ang parehong halimbawa sa tanong blg. 23, dahil ang kabuuang kita ng isang negosyo sa buong taon ay hindi humigit sa P3,000,000 piso, ang buwis na maipapataw ay ang 3% *percentage tax* lámang. Tingnan ang pagkukwenta sa ibaba:

Kabuuang kita ( <i>gross receipts</i> )	P1,000,000
Nakatakdang bayarang buwis ( <i>Tax Due</i> ):	
<b>3% ng kabuuang kita (<i>gross receipts</i>)</b>	<b>P 30,000</b>

Ngunit, kung ikaw ay isang *sole proprietor* at pinili mong magbayad ng 8% ng iyong kabuuang kita, hindi mo na kailangan pang magbayad ng *percentage tax* o maging ng VAT.

## WITHHOLDING TAX

### 29. Ano ang *withholding taxes*?

Ang *withholding taxes* ay ang buwis na nakatakdang ikaltas sa iyong mga *supplier*. Ito ay kailangang ikaltas bago mo bayaran ang iyong mga *supplier*. Maaaring hilingin ng BIR na kaltasan mo ang kabayaran sa iyong mga *supplier* at maging na rin ang iyong pasweldo sa mga empleyado. Ang halagang iyong ikinaltas ay dapat i-entrega (*i-remit*) sa BIR.

Ang buwis na kinaltas sa iyong mga empleyado ay tinatawag na *withholding tax* samantalang ang buwis na kinaltas mula sa iyong mga *supplier* ay tinatawag na *creditable o final withholding tax*.

## PAGSUSUMITE (PAGFA-FILE) NG TAX RETURNS AT PAGBABAYAD NG BUWIS

### 30. Saan ako maaaring mag-*file* ng *tax returns* at magbayad ng buwis?

Maaari kang mag-*file* ng iyong *tax returns* at magbayad ng iyong buwis sa kahit anumang awtorisadong bangko (*Authorized Agent Bank* o AAB) na nakapaloob sa hurisdiksyon ng tanggapan ng BIR kung saan ka nakarehistro.

### 31. Kailan ako magbabayad ng buwis? Anu-ano ang mga pormularyong (*forms*) kailangan kong gamitin at isumite?

Ang mga sumusunod ay mga nakatakdang araw (*deadlines*) sa pagfa-*file* at pagbabayad:

1. Taunang bayad sa pagpaparehistro  
(*Annual Registration Fee*)

Pormularyo ng BIR ( <i>BIR Form</i> )	Panahong Sakop ( <i>Period Covered</i> )	Nakatakdang Araw ( <i>Deadline</i> )
<i>Form 0605</i>	Bawat taon ( <i>Annual</i> )	Bago ang 31 ng Enero ng bawat taon

2. Buwis sa kíta (*income tax*) – para sa mga indibidwal

Pormularyo ng BIR ( <i>BIR Form</i> )	Panahong Sakop ( <i>Period Covered</i> )	Nakatakdang Araw ( <i>Deadline</i> )
1701Q	Unang 3 buwan ( <i>1st quarter</i> )	Ika-15 ng Mayo
1701Q	Ikalawang 3 buwan ( <i>2nd quarter</i> )	Ika-15 ng Agosto
1701Q	Ikatlong 3 buwan ( <i>3rd quarter</i> )	Ika-15 ng Nobyembre
1701	Bawat taon ( <i>annual</i> )	Ika-15 ng Abril ng susunod na taon

3. Buwis sa Kíta (*Income Tax*) – Para sa mga Korporasyon

Pormularyo ng BIR ( <i>BIR Form</i> )	Panahong Sakop ( <i>Period Covered</i> )	Nakatakdang Araw ( <i>Deadline</i> )
1702Q	Unang 3 buwan ( <i>1st quarter</i> )	Ika-30 ng Mayo
1702Q	Ikalawang 3 buwan ( <i>2nd quarter</i> )	Ika-29 ng Agosto
1702Q	Ikatlong 3 buwan ( <i>3rd quarter</i> )	Ika-29 ng Nobyembre
1702	Bawat taon ( <i>annual</i> )	Ika-15 ng Abril ng susunod na taon

4. Dagdag Buwis (*Value Added Tax*)

Pormularyo ng BIR ( <i>BIR Form</i> )	Panahong Sakop ( <i>Period Covered</i> )	Nakatakdang Araw ( <i>Deadline</i> )
2550M	Kada buwan	Ika-20 araw ng susunod na bubuwisang buwan (para sa paunti-unting pagfa- <i>file</i> ng mga EFPS taxpayers)  <i>20th day of succeeding</i>

		<i>taxable month (staggered filing for EFPS taxpayers)</i>
2550Q	Kada 3 buwan  ( <i>quarterly</i> )	Ika-25 araw ng sumunod na buwan sa nakatakdang araw ng pagsusumite at pagbabayad sa kada 3 bubuwisang buwan  <i>25th day of the month following the close of each taxable quarter</i>

#### 5. Porsyento sa Buwis (*Percentage Tax*)

Pormularyo ng BIR ( <i>BIR Form</i> )	Panahong Sakop ( <i>Period Covered</i> )	Nakatakdang Araw ( <i>Deadline</i> )
2551Q	Kada 3 buwan  ( <i>quarterly</i> )	Ika-25 araw ng sumunod na buwan sa nakatakdang araw ng pagsusumite at pagbabayad sa kada 3 bubuwisang buwan  <i>25th day of the month following the close of each taxable quarter</i>

#### 6. Pagbalik Entrega ng Buwis sa Kitang Kinaltas (*Remittance Return of Income Taxes Withheld*)

Pormularyo ng BIR ( <i>BIR Form</i> )	Panahong Sakop ( <i>Period Covered</i> )	Nakatakdang Araw ( <i>Deadline</i> )
Kada Buwang Pag-eentrega ng Pinalawak na <i>Withholding Tax</i>  <i>Monthly Remittance of</i>	Kada Buwan (Para sa unang 2 buwan ng bawat 3 buwan)  <i>Monthly (for the 1st 2 months of the quarter)</i>	Bago ang o sa ika-10 araw na sumunod sa nakatakdang araw sa nasabing buwan (para sa paanti-unting pagfa-file ng mga EFPS taxpayers)

<i>Expanded Withholding Tax</i>		<i>On or before the 10th day following the close of the month (staggered filing for EFPS taxpayers)</i>
<i>Pinalawak na Withholding Tax</i>  <i>Expanded Withholding Tax (1601EQ)</i>	Kada tatlong buwan  <i>(quarterly)</i>	Huling araw ng sumunod na buwan sa kada 3 buwan kung kailan ginawa ang pagkakaltas ng <i>withholding tax</i>  <i>(Last day of the month following the quarter during which the withholding was made)</i>
<i>Withholding Tax sa Sweldo</i>  <i>Withholding Tax on Compensation (1601C)</i>	Kada buwan	Ika-10 araw ng buwan susunod na bubuwisang buwan (para sa paanti-unting pagfa-file ng mga EFPS taxpayers)  <i>10th day of succeeding taxable month (staggered filing for EFPS taxpayers)</i>

### **32. Maaari ba akong mag-file at magbayad ng buwis gamit ang internet?**

Oo. Maaari kang mag-*file* at magbayad ng iyong buwis gamit ang *Electronic Filing and Payment System* (eFPS) ng BIR.

Ang “eFPS” ay isang sistemang dinevelop at pinangangasiwaan ng BIR para sa elektronikong pagfa-*file* ng *tax returns*, kasama na rin ang paglalakip ng mga dokumento (*attachments*), kung mayroon, at pagbabayad ng nakatakdang buwis gamit ang internet.

### **33. Anu-ano ang mga kahingian para sa eFPS?**

- a. Magrehistro gamit ang *BIR-Integrated Tax System*;
- b. Magsumite ng isang Sertipikasyon galing sa Presidente ng Korporasyon na nagpapatunay na pinahihintulutan niya ang dalawang (2) opisyal ng kanyang korporasyon na mag-*file* ng *returns* at mag-*enroll* para sa eFPS, magsumite rin ng isang *Letter of Intent* para makagamit ng eFPS;
- c. Mag-*enroll* sa eFPS; at
- d. Mag-*enroll* sa kahit anong awtorisadong bangko ng BIR (eFPS-AAB) para magamit ang sistema sa elektronikong pagbabayad (*e-payment system*).

### **34. Anu-ano ang mga yapak para makapag-*enroll* sa eFPS?**

- a. Gamit ang internet, magpunta sa websayt ng BIR: [www.bir.gov.ph](http://www.bir.gov.ph)
- b. Pindutin ang eFPS *icon* upang makarating sa pahina ng eFPS
- c. Mula sa pahina ng paglog-*in*, pindutin ang *link* na “*Enroll to eFPS*”
- d. Bubungad sa’yo ang pormularyo ng eFPS. Kompletuhin ang mga dapat punang datos sa pormularyo at matapos nito ay pindutin ang buton na “*Submit*”.

Ipababatid sa iyo ng eFPS na natanggap nito ang iyong *enrollment* sa isang *pop-up* na mensahe. Matapos nito ay maghintay lámang ng isang email mula sa BIR upang maláman kung ang iyong *enrollment* ay naaprubahan o hindi. Kapag na-*activate* na ang iyong *account* ay maaari ka nang elektronikong mag-*file*, magbayad, at gawin lahat ng mga transaksyon gamit ang eFPS.



Mahalagang lagi mong natatandaan ang iyong *username* at *password*, maging na rin ang mga tamang sagot sa mga katanungang panseguridad. Dapat lámang na itago at pakaingatan mo ang iyong *username*, *password*, at mga sagot sa mga katanungang panseguridad. Huwag hayaang maging madaling hulaan at maisulat ang mga ito.

## **MULTA/KAPARUSAHAN**

### **35. Mayroon bang multa o kaparusahan sa hindi pagfa-*file* at pagbabayad ng aking buwis sa tamang oras o sa nakatakdang panahon?**

Oo. Kung ikaw ay mabigong mag-*file* o magbayad ng iyong buwis sa takdang panahon, ikaw ay dapat magbayad ng karampatang dagdag singil (*surcharge*) na katumbas ng 25% o 50% ng nakatakdang buwis na dapat mong binayaran. Higit pa rito, mayroong 12% na interes na ipapataw sa iyong ´di-nabayaran buwis kada taon mula sa petsa na dapat mo itong binayaran hanggang sa petsa na mabayaran mo ito nang buo.

Kung sakaling mabigong mag-isyu ng resibo, o maging ng *sales* o *commercial invoices*, ang *taxpayer*, kapag napatunayang nagkasala ay maparurusahang magbayad ng multa ng hindi bababa sa P1,000 ngunit hindi hihigit sa P50,000 at maaaring makulong ng hindi bababa sa 2 taon ngunit hindi hihigit sa 4 na taon sa bawat akto o omisyon (pagkukulang).

### **36. Kanino dapat ako dumulog kung kailangan ko ng tulong o gabay?**

Maaari kang humingi ng gabay mula sa tanggapan ng BIR kung saan ka nakarehistro o sa isang local na Negosyo Center na pinakamalapit sa iyo.

Ang talaan ng mga naitatag na Negosyo Center ay matatagpuan sa *link* na ito:

<https://dti.gov.ph/programs-projects/negosyo-center>

BDB Law is a law firm specializing in taxation and corporate services. It has an innovative team of experienced tax lawyers - mostly accountant-lawyers and economist-lawyers - who can appreciate the intricacies and uniqueness of every transaction, thereby enabling it to provide sound and practical solutions from the standpoint of business and regulatory compliance.

It is consistently ranked as a leading and highly recommended firm in the field of taxation by international ranking bodies. In 2018, it was recognized by the International Tax Review as the Philippines Tax Disputes and Litigation Firm of the Year and Asia Tax Policy Firm of the Year.

BDB Law is an exclusive member firm of WTS Global in the Philippines. WTS Global is a leading global tax practice offering the full range of tax services and is represented in over 100 countries. All member firms of WTS Global are carefully selected through stringent quality reviews, and are strong local players in their home markets.

# BDB Law

DU - BALADAD AND ASSOCIATES

MEMBER FIRM OF

wts global

Locally Rooted- Globally Connected